

WELCOME TO THE AFL



AFL ANG LARO PARA SA LAHAT

Ang AFL ay hindi lang basta laro, ito ay isang masaya, interactive na paraan upang makipag-ugnay sa inyong lokal na komunidad at mayroon itong maiaalok sa lahat kabilang ang:

- Isang paraan upang papagsama-samahin ang mga komunidad
- Ang kakayahang matuto ng mga bagong kasanayan, habang pinabubuti ang kalusugan at kagalingan
- Ang pagkakataong palakasin ang kumpiyansa at magkaroon ng bagong mga kaibigan
- Isang lugar para magbahagi ng mga kwento, magtawanan at bumuo ng mga alaala

GUSTO MO MAN NA MANOOD, MAGLARO O MAGBOLUNTARYO, ALAMIN KUNG PAANO KA MAKAKASALI... BISITAHIN ANG PLAY.AFL

PUMILI NG IYONG CLUB!

Ang lahat ng aming 18 club ay kamangha-mangha at malulugod sa iyong suporta! Maaaring mahirap pumili, gayunpaman, narito ang ilang paraan para makapili ng iyong koponan:

- Piliin ang inyong lokal na football club
- Paboritong kulay/disenyo ng guernsey
- Paboritong mascot
- Awit ng koponan (team song)



Mga kulay ng koponan (team colours) ng AFL




BISITAHIN ANG PLAY.AFL

WELCOME TO THE AFL

SAAN MAGLALARO

Mayroong mga programa at paligsahan para sa lahat ng mga edad. Para makahanap ng club na malapit sa inyo at maranasan mo mismo ang laro, pumunta sa play.afl/club-finder



Hanapin sa pamamagitan ng online ang pinakamalapit na club sa inyo



SAAN MANONOOD

Ang mga laro ng AFL ay ginaganap sa mga stadium sa buong Australya kabilang ang sikat at kilalang MCG na maaaring magpapasok ng hanggang 100,000 mga tagahanga. Ang kapaligiran ay talagang kamangha-mangha at isang bagay na dapat maranasan ng lahat.

- Kung hindi ka makakapunta sa ginaganap na laro, mapapanood mo pa rin ito sa TV habang ginaganap
- Mayroon din kaming app kung saan maaari mong i-stream ang mga laro



Manood ng mga laro ng AFL sa TV

Mag-stream ng mga laro sa pamamagitan ng AFL app

PROGRAMANG EMBAHADOR NG KOMUNIDAD (COMMUNITY AMBASSADOR PROGRAM)

Maging Ambassador ng Komunidad ng AFL at tumulong na maisali ang inyong komunidad sa isport. Makapagbibigay ka ng mahalagang kontribusyon sa inyong komunidad at sa mas malawak na lipunan.

Kasama sa mga benepisyo ang:

- Kontribusyon sa positibong kalalabasan sa kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng sport
- Isang pagkakataon upang mapahusay ang mga kasanayan sa iba't ibang kultura (cross-cultural) at komunikasyon
- Pagbibigay ng mga ideya para sa patuloy na paglago ng mga programa ng AFL na Multikultural at Katutubo (Indigenous)
- Mga programa sa pagpapaunlad ng propesyon at mas pinahusay na mga kasanayan sa pagkakaroon ng trabaho

Makipag-ugnayan sa inyong lokal na club at alamin kung paano ka makakagawa ng pagbabago, o bumisita sa play.afl para sa karagdagang impormasyon.



BISITAHIN ANG PLAY.AFL